# Paglagay ng Topical Anaesthetic Bago Isagawa ang Cannulation ng isang Fistula o Graft

PAMPHLET PARA SA PASYENTE

BCRenal an agency of the Provincial Health Services Authority

### Ano ang topical anaesthetic cream?

Ang topical anaesthetic cream (halimbawa, EMLA® o Maxilene-4® cream) ay ginagamit upang magbigay ng pansamantalang pagkawala ng pakiramdam o pamamanhid ng balat bago ipasok ang isang karayom.

### Mayroon ba itong side effects?

Ang side effects ay madalang at maaaring kasama rito ang pamumuti o pamumula ng balat at kaunting pagtambok at hapdi o pangangati ng balat sa simula kung saan inilagay ang cream. Ang mga ito'y normal na reaksyon at sila'y mawawala nang hindi ginagamot.

### Kailan dapat maglagay ng topical anaesthetic cream?


Ang topical anaesthetic cream ay pinakamainam gamitin isang oras man lamang bago ng dialysis. Nagbibigay ito ng sapat na panahon upang gumana bago ipasok ang karayom.

### Paano inilalagay ang topical anaesthetic cream?

Bago ka umalis ng hemodialysis unit, tanungin ang iyong nars kung saang mga lugar nila planong ilagay ang karayom sa susunod na hemodialysis.

* Isang oras man lamang bago ng iyong susunod na hemodialysis, magpalabas ng mga 1.25 cm (0.5 inch) ng cream o mga kasing laki ng isang sentimo sa bawat isa sa mga lugar na tutusukan. Kung hindi ka sigurado kung aling lugar ang tutusukan, ilagay ang cream sa ibabaw o ibaba ng huling lugar na tinusukan (para sa pag-iba-iba ng lugar na tutusukan).




* Balutin ng malinaw na plastic wrap ang braso habang tinatakpan ang mga lugar na tutusukan. Huwag ikalat ang cream o subukang ipahid ito papasok sa iyong balat.

Kapag panahon na para sa dialysis, tanggalin ang plastic wrap, punasan ang balat upang tanggalin ang cream, at linisin ang buong lugar ng chlorhexidine at alcohol.

HUWAG ilalagay ng malapit sa mga mata o mga bukas na sugat.

** Kung binigyan ka ng iyong nars ng cap mula sa ibabaw ng isang heparin vial, palitan ang steps 2 at 3 at sa halip ay gawin ito:*

Maglagay ng makapal na layer ng cream sa likod ng cap.

Ilagay ang cap sa ibabaw ng mga lugar na tutusukan at gumamit ng tape upang hindi ito gumalaw.


*Maraming salamat sa Vancouver General Hospital Pharmacy Department na nagdibelop ng pamphlet para sa pasyente na ginamit namin dito.*


BC Children's Hospital • BCRenal agency • fraserhealth • Interior Health • northern health • Providence Health Care • Vancouver Coastal Health • Vancouver Island health authority


Ang impormasyon sa pamphlet na ito ay inilalaan para lamang magturo at magbigay-impormasyon, at upang suportahan ang pakikipag-usap sa iyong health care team tungkol sa iyong medical na kondisyon at paggamot. Hindi ito medical na payo at hindi ito kapalit ng payo na ibinibigay ng iyong doctor o ibang kwalipikadong propesyonal sa health care.


Application of Topical Anaesthetic Prior to Cannulation of a Fistula or Graft [Filipino]